**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MTB_MLE 3


## MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM

**Development Team:**
**Writer:** EVA T. RIVADULLA
**Content Editor:** RHODONA V. TUGNA
PERLIE O. SABANG
ROWELA R. CADAYONA, MT II, SDO Pasay
BELLO T. CAMACHO, HT VI, SDO PASAY
RHODORA SUNGLAO - MT1, Quezon City
MENERVA S. ACUNA – MT 1, Quezon City
ELIZABETH R. QUILLING, MT 1, Quezon City
**Language Editor:** RHODELLA V. RAMIREZ
ELMER D. ORDANIEL
RODOLFO F. DE JESUS, EPS-Quezon City
**Management Team:**
**MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
**MARGARITO B. MATERUM**, Schools Division Superintendent
**GENIA V. SANTOS**, CLMD Chief
**GEORGE O. TIZON**, SGOD Chief
**ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
**MARICAR D. AGAO,** Regional EPS, MTB-MLE
**JENNIFER RAMA,** Division EPS- Filipino, MTB-MLE
**DENNIS M. MENDOZA,** Regional LR Supervisor
**DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
**NANCY C. MABUNGA,** Regional Librarian

**UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS**
**Grade 3 MTB_MLE**

# ARALIN 1 — Tatlo Hanggang Limang Hakbang na Talatang Prosidyural

## Inaasahan

Inaasahan sa modyul na ito na ikaw ay nakasusulat ng tatlo hanggang limang hakbang na talatang prosidyural (*procedural paragraph*) gamit ang mga salitang **una**, **sumunod**, **pagkatapos** at **panghuli**. **MT3C- IVa-i-2.7**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang talata. Sagutin ang mga tanong at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

Araw ng Sabado, oras na ng paglalaba ni Aling Edna. Inihanda niya ang batya, timba at sabon. Hiniwalay niya ang mga puting damit sa mga may kulay. Ibinabad niya sandali sa batyang may sabon. Maya-maya ay kinusot niya ito nang mabuti. Binanlawan niya rin ito at isinampay ang mga damit.

______1. Alin sa mga pangungusap ang **unang** nangyari?

A. Ihiwalay ang puti sa may kulay.

B. Inihanda niya ang batya, timba at sabon.

C. Banlawan ng mabuti ang damit na sinabon.

_____ 2. Alin sa mga pangungusap ang **ikalawang** nangyari?

A. Hiniwalay niya ang puting damit sa mga may kulay.

B. Binanlawan niya ang damit at isinampay.

C. Kinusot niya nang mabuti ang mga damit.

_____ 3. Alin sa mga pangungusap ang **panghuling** nangyari?

A. Kinusot niya nang mabuti ang mga damit

B. Inihanda niya ang batya, timba at sabon.

C. Binanlawan niya ito at isinampay ang mga damit.

_____ 4. Alin sa mga pangungusap ang **ikatlong** pangyayari?

A. Isampay ang mga damit.

B. Ibinabad niya sandali sa batyang may sabon.

C. Binanlawan at isinampay niya ang mga damit.

_____ 5. Ito ay lipon ng mga pangungusap na nagpapahayag ng isang kaisipan. Ang bawat pangungusap ay ginagamitan ng mga panandang salita upang maipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

A. Talatang naglalahad

B. Talatang prosidyural

C. Talatang nagsasalaysay

## Balik-Tanaw

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang **TAMA** kung ang pahayag ay wasto at **MALI** naman kung hindi.

1. Sa paggawa ng balangkas, kinakailangan na mapagsusunod-sunod ang mga ideya.
2. Natutukoy ang mahahalagang detalye sa paggawa ng balangkas.
3. Makikita sa balangkas ang ugnayan ng mga ideya.
4. Sa pagbabalangkas ay malalaman din ang pangunahing ideya at sumusuportang ideya.
5. Makikita ang kaugnay na detalye sa pinakaunang lebel ng balangkas.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

### KONSEPTO

Ang **Talatang prosidyural** ay lipon ng mga pangungusap na nagpapahayag ng isang kaisipan. Ang bawat pangungusap ay ginagamitan ng mga **hudyat o panandang salita** upang maipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

Ang mga **hudyat o panandang salita** tulad **una**, **ikalawa**, **sumunod**, **pagkatapos**, at **panghuli** ay maaaring gamitin upang matukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwentong gagawin, binasa o narinig.

- Sa pagsulat ng **talatang prosidyural** dapat tandaan ang mga sumusunod:
  - ✓ Kailangan nakapasok ang unang pangungusap.
  - ✓ Malaki ang unang letra ng salita sa bawat pangungusap.
  - ✓ Ang mga pangyayari ay kailangang magkakasunod-sunod.
  - ✓ Kailangang may *margin*.

**Panuto:** Basahin at unawain ang kuwento. Sagutin ang mga Tanong sa susunod na pahina.

Sa panahon ngayon na tayo ay laging nanatili sa loob ng tahanan, isa sa maaari nating gawin ay ang magtanim ng puno. Maaaring ornamental o makapgbibigay sa ating ng pagdadag na pagkain upang tayo ay maaaring makatipid.

Narito ang mga mga paraan sa pagtatanim ng puno. Una, pumili ng punla ng punong nais mong itanim. Pangalawa, gumawa ng hukay sa lupang pagtataniman gamit ang pala. Kasunod, ilagay na ang punla sa hukay. Pagkatapos, ipantabon muli ang lupang mula sa ginawa mong hukay. Tiyakin lamang na hindi gaanong siksik ang lupa upang makadaloy pa rin ang hangin sa ugat ng punla. Sumunod, diligan ito. Pinakahuli, palibutan ng patpat upang maging bakod nito.

Kapag nagawa mo na ang lahat ng ito, tiyakin mong aalagaan nang mabuti ang punla upang maging mayabong na puno ito.

***Kuwentong halaw sa MTB-MLE (kagamitan ng mag-aaral) p.355***

1. Ano-ano ang mga hakbang sa pagtatanim ng mga puno?
2. Ano-anong mga salita ang ginamit upang ipakita ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga hakbang sa pagtatanim ng puno?
3. Paano nakatutulong ang mga salitang ito sa maayos na pagpapahayag ng wastong hakbangin o pangyayari ayon sa ayos ng pagkakasunud-sunod?
4. Anong aral ang natutuhan mo sa kuwento?

Basahin ng mabuti ang talata. Ayon sa talata, ano-ano ang mga paraan sa pagtatanim ng puno?

Narito ang mga mga paraan sa pagtatanim ng puno. Una, pumili ng punla ng punong nais mong itanim. Sumunod, gumawa ng hukay sa lupang pagtataniman gamit ang pala at ilagay ang punla sa hukay. Pagkatapos, ipantabon muli ang lupang mula sa ginawa mong hukay at diligan ito. Tiyakin lamang na hindi gaanong siksik ang lupa upang makadaloy pa rin ang hangin sa ugat ng punla. Panghuli, palibutan ng patpat upang maging bakod nito.

Ano-ano ang mga salitang may salungguhit? Ano ang tawag sa mga salitang ito?

- Ang mga **salitang may salungguhit** ay mga **hudyat o panandang salita** na ginagamit upang maipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa **talatang prosidyural.**
- Sa pagsulat ng **talatang prosidyural** dapat tandaan na may sinusunod upang maging maayos ang paglalahad nito.

## Gawain 1

**Panuto:** Punan ang patlang ng mga panandang salita tulad ng **Ikalawa**, **Una**, **Pagkatapos**, **Simula** at **Panghuli** upang maipakita ang wastong prosidyur sa paggawa ng maskarang yari sa supot ng papel. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**Maskarang Yari sa Supot na Papel**

Isang araw, gumawa si Eva ng maskarang yari sa supot na papel. _____, inilagay niya ang supot sa ulo. _____, tinukoy niya ang gitna ng bibig at nilagyan ng guhit. _____, tinukoy nya rin ang gitna ng dalawang mata at minarkahan ang supot. _____, inalis ang supot na papel sa ulo at iginuhit ang iba pang bahagi ng maskara. _____, ginupit ang mga butas para sa mata at bibig at sinimulan ng lagyan ng iba pang mga palamuti ang maskara.


## Gawain 2

**Panuto:** Sumulat sa sagutang papel ng tatlo pangungusap ayon sa iyong karaniwang gawain pagkagising sa umaga. Gumamit ng mga panandang salita. Gawing huwaran ang patalatang guhit sa ibaba.

_______________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________

## Gawain 3

**Panuto:** Sumulat ng isang maikling talata batay sa mga lugar na madadaanan ng bata mula bahay patungo sa paaralan gamit ang mga salitang pananda. Gawin mo ito sa sagutang papel.




## Tandaan

Ang **talatang prosidyural** ay ginagamitan ng mga panandang salita tulad ng **una**, **sumunod**, **pagkatapos** at **panghuli** upang mas epektibong maipakita ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari o pamamaraan.

Isinasaalang-alang din ang mga paraan sa pagsulat ng talata.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Tumutukoy sa panandang salita na maaaring ilagay sa pangungusap sa pagtatapos ng talatang prosidyural.
   A. pagkatapos B. sumunod C. panghuli
2. Ito ay inilalagay sa unahan, gitna o katapusan ng talata upang maipakita ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa talata.
   A. panandang salita
   B. panandang ganapan
   C. panandang pang-ukol
3. Tumutukoy sa panandang salita na maaaring ilagay sa pinakaunahan ng talatang prosidyural.
   A. pagkatapos B. una C. panghuli
4. Alin sa mga salita ang **hindi** ginagamit upang maipakita ang hudyat sa pangungusap o talata.
   A. pagkatapos B. sumunod C. nahuhuli
5. Ang mga pangungusap ay paraan sa pagsulat ng talatang prosidyural **maliban** sa isa.
   A. May *margin* sa magkabilang gilid.
   B. Nagsisimula sa malaking letra ang pangungusap.
   C. Kailangang pantay lahat ang mga salita mula sa pinakaunang pangungusap.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang tamang pagkakasunod-sunod ng wastong paraan ng paghuhugas ng kamay. Gumamit ng mga panandang salita.

**Paraan ng Paghuhugas ng Kamay**

- Buksan ang gripo at basain ng tubig ang mga kamay.
- Maglagay ng tamang dami ng sabon sa kamay.

- Kuskusing mabuti ang pagitan ng mga daliri, pulso, likod ng mga kamay at sa ilalim ng mga kuko nang hindi bababa sa dalawampung segundo.
- Banlawang mabuti ng tubig ang mga kamay pagkatapos sabunin.
- Punasan at patuyuin ng malinis na tuwalya ang mga kamay.

## Sanggunian

DepEd Most Essential Learning Competencies Kuwarter 4: Linggo 2
Competency Code: MT3C- IVa-i-2.7
Mother Tongue – Based Multilingual Education 3 (kagamitan ng mag-aaral)
https://brainly.ph/question/382354
https://brainly.ph/question/538500
https://brainly.ph/question/2137676
https://pinoycollection.com/maikling-kwento-tungkol-sa-pangarap/#Regalo-sa-Guro
https://www.answers.com/Q/Paraan_ng_pagsulat_ng_isang_talata

## Susi sa Pagwawasto

**UNANG PAGSUBOK**
1. B
2. A
3. C
4. B
5. B

**BALIK TANAW**
1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. TAMA
5. MALI

**GAWAIN 1**
1. Una
2. Ikalawa
3. Sumunod
4. Pagkatapos
5. Panghuli

**GAWAIN 2**

Tuwing ako ay pumapasok sa paaralan madami akong lugar na nadaraanan sa aming pamayanan. Ang mga lugar na ito ay una, barangay hall. Sumunod naman ay ang ospital. Pagkatapos ay ang botika kung saan maaring bumili ng gamot at panghuli ay parke na aming pinupuntahan pagkatapos ng klase.

**GAWAIN 3**

Narito ang aking ginagawa pagkagising sa umaga. **Una,** ako ay nagdarasal upang magpasalamat sa Panginoon. **Sumunod**, inaayos ko ang aking hinigaan. **Pagkatapos**, kumakain ako ng almusal. **Panghuli,** tinutulungan ko ang aking nanay sa mga gawain bahay.

**PAG-ALAM SA NATUTUNAN**
1. C
2. A
3. B
4. C
5. C

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

**Una**, buksan ang gripo at basain ng tubig ang mga kamay. **Ikalawa**, maglagay ng tamang dami ng sabon sa mga kamay. **Sumunod**, kuskusing mabuti ang pagitan ng mga daliri, pulso, likod ng mga kamay at sa ilalim ng mga kuko nang hindi bababa sa 20 segundo. **Pagkatapos,** banlawang mabuti ng tubig ang mga kamay pagkatapos sabunin. **Panghuli,** punasan at patuyuin ng malinis na tuwalya ang mga kamay.